REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 1 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 276 s 1999

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa Mga
Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan
Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal at Teknolohiya

1 Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF) Rehiyon IX sa Western Mindanao State University (WMSU) sa pakikipagtulungan ng Tanggapan ng Pamahalaang Lokal ng Siocon at sa pagtataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Jose Rizal Memorial State College Siocon Zamboanga del Norte sa ika-20 hanggang 22 ng Oktubre 1999

2 Ang paksa ng Seminar-Worksyap ay 'Wikang Filipino sa Bagong Milenyum Susi sa Pagpapataas ng Kalidad ng mga Paaralan at Tanggapan ng Pamahalaan'

3 Inaasahang pagkatapos ng Seminar-Worksyap ang mga dumalong kalahok ay

a) May sapat nang kaalaman sa bagong alpabeto ortograpiyang Filipino at teorya sa pagsalin ng magagamit sa pagtuturo at talastasang pangtanggapan,

b) Makabuo ng wastong uri ng korespondensya opisyal sa Filipinong pampaaralan at pangtanggapan

c) Makatutulong sa higit na mabilis na pagsulong at pag unlad ng Wikang Filipino para sa pangkalahatang pakikipagtalastasan

d) At higit sa lahat maging malinaw ang kahalagahan at kaugnayan ng Wikang Filipino sa buhay ng mga taga-Rehiyon IX

4 Ang inaasahang dadalo sa Seminar Worksyap na ito ay mga superbisor koordineytor guro sa Filipino at Puno ng Kagawaran ng Filipino sa antas sekundarya at elementarya o sinumang kinatawan na ipadadala ng namumuno sa mga paaralan at tanggapan ng DECS-Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports

5 Ang rehistrasyon ay anim na raang piso (P600 00) para sa tatlong tanghalian limang meryenda at kit kasama ang nilalaman Hindi kasama dito and akomodasyon at pamasahe ng mga kalahok papunta sa benyu at pabalik Maaaring dumalo sa opisyal na oras lamang Ang mga dadalo mula sa pribadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang mga opisina hinggil sa mga pinansiyal na gastusin

6 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ FSC
Kalihim

Sanggunian Wala
Pamumudmod 1 (D O 50 97)
Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS